

**Message**  
**Secretary ROSALINDA DIMAPILIS-BALDOZ**  
**Department of Labor and Employment**  
**Philippines**

**Meeting with Filipino Community in Macau Greece**  
**5 August, Hotel Royal, Macau Special Administrative Region**

---

**Introduction**

1. Sa ating iginagalang na Kinatawan ng Konsulado Heneral ng Pilipinas dito sa Macau Special Administrative Region, Kgg. Lilybeth R. Deaparea, at sa kaniyang mga kasamahan sa ating Konsulado;

Sa pamunuan at mga kasapi ng iba't-ibang organisasyon ng Filipino community dito sa Macau;

Sa aking mga kasamahan sa Philippine Overseas Labor Office sa pangunguna ni Labor Attache Vivian Tornea;

Sa ngalan po ng Department of Labor and Employment, at sa mga kasama ko dito sa aking pagbisita sa Macau sa katauhan ni Undersecretary Reydeluz Conferido; POEA Administrator Hans Leo J. Cacdac; OWWA Administrator Rebecca Calzado; ILAB Director Saul de Vries; at Labor Communications Director Nicon F. Fameronag, binabati ko po kayong lahat nang isang maaliwalas at mapayapang gabi.

2. Galing po ako sa Taiwan kung saan sinaksihan ko po ang paglagda sa sa Implementing Guidelines ng International Direct E-Recruitment System (IDES) ng Special Hiring Program for Taiwan, at upang dumalo rin sa ika-anim na Joint Labor Conference sa pagitan ng Pilipinas at Taiwan.
3. Bukas po ay tutulak na rin po kami papuntang Hong Kong upang pasinayaan doon ang ating bagong Philippine Overseas Labor Office at makipagpulong na rin sa ating mga kababayang OFW sa Hong Kong.
4. Minarapat ko pong bisitahin kayo dito sa Macau bilang bahagi ng aking pag-iikot sa dito sa Asya sa mga bansang maraming OFW. Tapos ko na pong bisitahin ang Middle East noong nakalipas na taon.

5. Kung inyo pong mapapansin, malapit na pong matapos ang termino ng kasalukuyang administrasyon ng ating Pangulong Aquino III at kami po sa DOLE na bahagi ng pamahalaan ay nagagalak na ibalita sa inyo na sa nakalipas na limang taon ay talaga pong todo-todo an gaming pagsisikap na isakatuparan ang Labor and Employment Agenda ng pamahalaang Aquino III na naglalayong makamit ang decent and productive work, social protection, at sustained industrial peace para sa kapakinabangan ng manggagawang Pilipino, kasama ang mga migranteng manggagawa na katulad po ninyo dito sa Macau.
6. Para po sa amin sa DOLE, napakahalaga na atin pong maipagpatuloy an gating nasimulan na maraming reporma. Napakahalaga po na tayo ay manatiling nakatuon ang pansin sa matuwid na daan na sinimulan ng ating Pangulo upang lalong higit na pagtibayin ang pundasyon pagpapabuti ng kalagayan ng manggagawang Pilipino.

### **The Good News about the Philippines**

7. Bagamat ang Macau ay malapit sa Pilipinas, alam kong sabik kayo sa balita tungkol sa mga nangyayari sa ating bansa. Alam ko rin na madalas na hindi magagandang balita ang nakakarating dito sa inyo. Kaya sasamantalain ko ang pagkakataon na ito na ipaabot naman ang magagandang balita tungkol sa ating bayan.
8. Sa katatapos lang na ika-anim na State of the Nation Address, marahil ay inyong narinig ang pag-uulat ng Pangulo. Totoo po na napakalayo na ang narating ng ating bansa. Pangalawa nap o ang Pilipinas sa pinakamabilis na umuunlad na ekonomiya sa buong Asya sa ngayon. Kung noon po ay tinatawag tayong “Sick Man of Asia”, ngayon po ang tawag sa Pilipinas ng World Bank ay “Rising Tiger of Asia”. Ang sabi naman ng Institute of Chartered Accountants in England and Wales ay “One of the Brightest Sparks in the ASEAN region” na ang Pilipinas.
9. Sa unang pagkakataon, ang Pilipinas ay nabigyan ng investment grade status ng tatlong pinakamalaking credit rating agencies: Fitch, Moody’s and Standard and Poor’s. Ang ibig sabihin nito ay ang Pilipinas ngayon ay credit-worthy. Ang ganitong rating ang syang ginagamit ng mga foreign investors sa kanilang desisyon na maglagak ng puhunan sa isang bansa. Dahil dito, ang ating investment climate ay inaasahang mag-anyaya pa ng mas maraming job-generating private sector investments. Sa katunayan, ang ating foreign direct investments (FDIs) ay lumaki na ng 66 porsiyento mula noong 2014.

10. Tinitingala na po uli tayo sa mundo. Our global rankings have improved in many of the economic and business indicators used to score and rank economies, such as the World Competitiveness Index, the World Bank's Ease of Doing Business Report, the Heritage Foundation's Index of Economic Freedom, and many others.
11. Nais ko ring banggitin na sa ngayon nga ay tayo na rin ang nagpapautang sa International Monetary Fund, taliwas noong araw na mabigat nating dinadala ang problema ng foreign debt.
12. Bukod po dito, kung pag-uusapan naman ang ating demographics, sabi po ng Philippine Statistics Authority (PSA), ang populasyon ng bansa ay inaasahang aabot sa 142 milyon sa 2045, kung kailan karamihan sa mga Pilipino (67.5 porsiyento) ay nasa working-age group na (15-64 years old). Ito ay tinatawang na demographic "sweet spot" na papasukin ng Pilipinas umpisa sa 2015 at ating aanihin ang pakinabang na ito hanggang taong 2025.
13. Ang demographic "sweet spot", ayon sa Bangko Sentral, ay panahon sa kasaysayan ng isang ekonomiya kung saan ang malaking bahagi ng populasyon ay nagtatrabaho at ang mamamayan ay may sapat na purchasing power na magsusulong upang higit pang lumago ang personal consumption at investments, at sa gayon ay bumilis pa ang pag angat ng ekonomiya at kabuhayan.
14. Kausap kop o ngayong maghapon ang ilan sa malalaking employer dito sa Macau, mga gaming companies po sila, at iisa ang kanilang sinasabi: mahuhusay po talaga ang mga kababayan natin na nagtatrabaho dito kaya patuloy pa po ang kanilang pagri-recruit ng mga OFW para sa mga gaming companies dito sa Macau.

### **Sustaining Economic Growth Measures**

15. Sa kaniyang talumpati sa 2014 Philippines Development Forum on Bangsamoro sa Davao noong Nobyembre, sinabi ni Pangulong Aquino na kabilang sa tulong-pangkaunlaran na ipinagkakaloob niya sa Mindanao ang investment sa imprastraktura, na higit na kailangan ng rehiyon upang maging competitive at maka-attract ng foreign investments.
16. Ayon pa sa Pangulo, gumastos ang DPWH mula 2011 hanggang 2014 ng malapit sa P100 bilyon para sa mga kalsada, tulay, at iba pang imprastraktura sa Mindanao. Ngayong taon, naglaan ang Kongreso ng P63.13 bilyon para sa DPWH sa rehiyon.

17. Sa susunod na ilang taon, ang pamahalaan ay nakatakdang gumastos ng bilyon-biyong piso para sa malalaking proyektong pang-imprastruktura hindi lamang sa Mega Manila, kundi maging sa iba pang bahagi ng bansa.
18. Ang mga proyekto, na tinatawag na Dream Projects, ay kinabibilangan ng highways, expressways, railways, road-based public transport, traffic management, ports, at airports, kasama ang Mega Manila Subway Project na nagkakahalaga ng P341 bilyon at New NAIA Airport Project na may halagang P436 bilyon.
19. Nag-iba na rin ang pananaw ng pamahalaan ukol sa paggastos ng pera ng bayan. Sa ilalim ng reporma sa pamamahala, at sa unang pagkakataon, ang pinakamalaking bahagi ng ating national budget ay inilalaan na sa social services. Dati, mas malaki ang budget para sa defense at pagbabayad-utang. Sa 2015 budget halimbawa, ang social services na kinabibilangan ng edukasyon, kalusugan, at social protection ang may pinakamalaking budget na umabot sa P967.9 bilyon o 37.1 porsiyento. Pangalawa dito ay ang economic services na may budget na P700.2 bilyon o 26.9 porsiyento. Pumapangatlo na lang ang defense na may budget na P115.5 bilyon o 4.4 porsiyento.

### **Programs and Services for OFWs**

20. Ang mga binanggit ko ay ilan lamang sa maraming mabubuting kaganapan sa ating bansa at umaasa ako na inyong mararamdaman ang mga pagbabagong ito sa pagbalik ninyo sa Pilipinas.
21. Hindi po nakakalimot ang pamahalaan na masuklian ang napakalaking ambag sa ekonomiya ng mga migranteng Pilipino. Ang DOLE ay patuloy na nagsisikap na mapabilis at mapabuti ang pagbibigay ng mga programa at serbisyo sa inyo.
22. Para sa inyong convenience, inilunsad namin noong isang taon ang Balik Manggagawa (BM) Online Processing System. Sa sistemang ito, kayo ay maari ng kumuha ng OEC sa pamamagitan ng internet, kahit saan at kahit anong oras. Inatasan ko na ang POEA at lahat ng POLOs na lubos na ipatupad ang sistemang ito upang ang lahat ng OFWs ay magamit ito. Dito sa Macau, balita ko ay marami na ang gumagamit ng Balik-Manggagawa online system dahil mabilis at napaka-gaan ang sistema.
23. May utos po ang ating Pangulong Benigno S. Aquino III sa DOLE at sa DFA na i-transform ang ating mga Migrant Workers and Other Filipinos

Resource Centers (MWOFRFC) at mga POLOs bilang mga “Centers of Care and Excellence” na agarang magbibigay tulong sa mga problemado nating mga kababayan. Bahagi ng transpormasyon ay ang mabilisang pag-resolba ng kanilang mga kaso, pagpapauwi sa Pilipinas, pag-bangon, at muling pagbabalik sa ating lipunan o reintegration.

24. Mayroon po tayong “Assist WELL” Program na ipinatutupad. This program is a package of reintegration assistance/services to address the Welfare, Employment, Legal and Livelihood needs of repatriated workers. It provides such services as temporary shelter/accommodation, transportation, psychosocial counseling, job placement/referral and competency assessment and certification. In addition, this program also provides technical and livelihood skills training, entrepreneurial mentoring and support, business loan assistance and legal assistance ranging from legal advice and counseling to conciliation and assistance in preparing and filing of complaints for illegal recruitment, recruitment violation and disciplinary cases.
25. The Technical Skills Development Authority (TESDA) and the National Reintegration Center for OFWs (NRCO), has rolled out the Assistance Package for Uplifting the Status of Filipino Household Service Workers (HSWs). This is intended to upgrade the skills of Filipino domestic workers and eventually bring them to higher-skilled and better-paying jobs. Under this program, our HSWs will be subjected to skills profiling, assessment, certification onsite, as well as skills training in the Philippines. The certification and training component of the program will help boost the chances of HSWs to find better-paying and high-end jobs in the Philippines or abroad. Isinasagawa na po natin ito sa Hong Kong, Dubai, at Singapore, and sana dito sa Macau, ito ay masimulan na rin, dahil po marami po kayo rito at aabot na sa 24,000.
26. Dito po sa Macau, napag-alaman ko po na marami tayong mga kababayan na teacher na nagtatrabaho bilang household domestic worker. Ang DOLE po at ang Department of Education ay may programang “*Sa Pinas, Ikaw ang Ma’am/Sir Program*” para po sa mga OFW na gustong magturo sa mga pampublikong paaralan. Kung meron po sa inyo na lisensyadong guro, subukan po ninyo ang programang ito dahil marami na po sa mga OFW nating domestic worker na teacher sa Hong Kong at United Arab Emirates ang nagtuturo sa Pilipinas sa ilalim ng programa. Dito po sa Macau ay may isang HSW na teacher na ngayon sa ilalim ng programa.

## **Conclusion**

27. Sa puntong ito, nais kong sabihin na lubos kong ikinalulugod at ikinararangal na kayo ay makadaupang palad dito sa Macau Special Administrative Region. Naibalita po sa akin ni Consul General Beth Deapera na iminungkahi na niya sa pamahalaan ng Macau ang pagbuo ng isang Technical Working Group na makikipagusap sa mga opisyal ng Macau ukol sa naisin ng pamahalaan dito na magkaroon po tayo sa kanila ng isang bilateral labor agreement. Sumusuporta po tayo dito dahil malaki po ang maitutulong nito sa ating pagsusulong ng mga karapatan at benepisyo ng ating mga kababayan dito sa Macau.
28. Bilang pangwakas, nais ko pong ipaalala sa inyo na kahit po kayo malayo sa Pilipinas, hinihimok ko po kayo na magtulungan at magkaisa. Kilala po tayo sa pagbabayanihan, na siyang tanda ng ating pagiging Pilipino.
29. May I also remind you to always observe the laws of your host country. You have travelled miles away from home, endured too many years away from your families, just to be able to make a decent living. Do not let your sacrifices go to waste because of an infraction with the law. We want your host government to know that Filipinos are a peace-loving and law-abiding people. In fact, we want all of you to be ambassadors for our country and help raise the bar of the Filipino identity abroad.
30. Maraming salamat sa inyong lahat!

**END**